Hindi makaalis ng bahay at kailangan ng bakuna sa COVID-19?

Maaari ka naming iugnay sa mga mobile na pangkat para sa bakuna ng county at/o estado.

Mga serbisyo ng pagpapabakuna sa COVID-19 sa bahay:

- Ang programang ito ay para sa mga taong hindi makaalis sa kanilang bahay.
- Ibinibigay ang mga serbisyo nang walang bayad.

Ipaalam sa amin kung ikaw o ang isang kakilala mo ay hindi makaalis ng bahay.

May tatlong paraan ng pag-sign up:

- Magsagot ng maikli at secure na online na survey sa https://redcap.link/WA_HomeBasedVax
  Nasa wikang Ingles lang ang survey.
- Tumawag sa Hotline para sa COVID-19: 833-VAX-HELP (829-4357), pagkatapos ay pindutin ang #.
  May makukuhang tulong sa wika.
- Tumawag sa iyong lokal na hurisdiksyon sa kalusugan (nasa wikang Ingles) upang makatanggap ng mga serbisyo ng pagpapabakuna sa bahay.

Paano ka makakatulong?

- Ibahagi ang impormasyong ito! Gusto naming makatanggap ng bakuna sa COVID-19 ang lahat ng tao.
- Tumulong sa pagsagot sa survey o pagtawag sa hotline para sa isang taong hindi makaalis ng bahay at nangangailangan ng tulong upang mabakunahan.
- Kung sasagutan mo ang survey o tatawag ka sa hotline para sa ibang tao, mangyaring siguruhing maibabahagi mo ang kanilang pangalan at impormasyon para sa pakikipag-ugnayan.

I-email ang mga tanong sa: Covid.Vaccine@doh.wa.gov

www.CovidVaccineWA.org

Washington State Department of Health

DOH 348-807 March 2022 Tagalog

Upang hilingin ang dokumentong ito sa ibang format, tumawag sa 1-800-525-0127. Para sa mga kostumer na bingi o nahihirapang makarinig, mangyaring tumawag sa 711 (Washington Relay) o mag-email sa civil.rights@doh.wa.gov.